



Republic of the Philippines  
Province of Oriental Mindoro  
Municipality of Roxas

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG MARSO 17, 1997, IKA-9:00 NG UNAQA SA BULAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis - Tagapangulo  
Kagawad Cesar T. Baticos  
Kagawad Ferdinand V. Talens  
Kagawad Angeles D. Bautista  
Kagawad Ramil O. Dimapilis  
Kagawad Jesus S. Dela Cruz  
Kagawad Ramulfo C. Bernal  
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.  
Kagawad Homesto O. Taytay  
Kagawad Eduardo O. Villamin - ABC President  
Kagawad Randy P. Valencia - SK Chairman

Hindi Nakadalo:

W A L A

KAPASYAHAN OLG. 019  
Taong 1997

KAPASYAHANG MAPITAGANG HUMIHILING SA KGO. PUNONG BAYAN GELACIO I. YASON SA PAMAHAGITAN NI ENGR. NOEL F. PAMINIALAGAO NG PAGTATAYO NG ISANG YUNIT NG JETMATIC PUMP SA LIBINGANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO.

SAPAGKA'T ang libingang bayan ng Roxas, Silangang Mindoro, tulad ng ibang pag-ari ng pamahalaan para sa paglilingkod sa mga mamamayan ay nararapat lamang na magkaroon ng mga pasilidad at pangunahing pangangailangan para sa maayos na gawain sa lugar na ito;

SAPAGKA'T sa kasalukuyan, ang tubig ay isang pangunahing pangangailangan sa sentroterong pambayan na dahil sa walang maayos na pagkukunan ay sa mga katabing pribadong bahay kumukuha;

SAPAGKA'T may kaunting kalayuan ang mga bahay na ito at ang palagi-an o araw-araw na paggamit ng maraming tao sa mga bomba ng tubig ay malaking abala sa pribadong paggamit ng mga may-ari nito;

SAPAGKA'T sa ibang pagkakataon, ang pinagkukunan ng tubig para sa paggawa ng mga nitso ay sa katabing tubigan o sapa na kung tag-init ay natutuyo at kung minsan naman ay sa maliit na sapang katabi ng libingan na ang polusyon ay hindi maitatwang paggamulan ng sakit ng mga taong gumagamit nito;

SAPAGKA'T upang maging madali at maayos ang paggawa ng paglalagakan ng mga namatay at upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng mga mamamayang gumagamit o dumadako sa

*[Handwritten signature]*

*[Handwritten signature]*

libingang bayan sa paghahatid sa kanilang mga binawian ng buhay, nararapat lamang na magtayo ng kahit isang bombang jetmatic sa isang lugar sa libingang bayang ito;

SAPAGKA'T ang pangangailangang ito ay mapitagang itinatukoy sa Kgg. na Punong Bayan Gelacio I. Yason sa pamamagitan ni Engr. Noel F. Faminialagao na sa pagkakatloob at pagtatayo ng isang jetmatic pump sa loob ng nasasakupan ng libingang bayan ng Roxas ay mapabubuti ang serbisyo sa mga mamamayang gumagamit sa lugar na ito.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Eduardo G. Villamin na sinangayunan nina Kagawad Angeles D. Bautista, Kagawad Jesus S. Dela Cruz, Kagawad Juanito A. Sacay, Jr. at Kagawad Cesar T. Baticos -

IPINASYA tulad ng pagpapasyang ito na mapitagang hilingin sa Kgg. na Punong Bayan Gelacio I. Yason sa pamamagitan ni Engr. Noel F. Faminialagao ang pagtatayo ng isang jetmatic pump sa libingang bayan ng Roxas, Silaangang Mindoro para sa ikabubuti ng serbisyo at sa kapakinabangan ng mga mamamayan.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kgg. na Punong Bayan Gelacio I. Yason sa pamamagitan ni Engr. Noel F. Faminialagao para sa kanilang kaalaman at magap na pag-aksyon.

Pinagtibay.

Marso 17, 1997

-----  
PINATUTUNAYANG WASTO:

*[Signature]*  
VIOLET F. FUENTES  
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:

*[Signature]*  
JESUS M. DIMAPILES  
Pangalawang Punong Bayan/  
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

*[Signature]*  
GELACIO I. YASON  
Punong Bayan

more/  
031997

Received: *[Signature]*  
03/24/97

Received: *[Signature]*  
03-24-97